



United States Department of Agriculture



**Nagmamay-ari o
nagtatrabaho ka ba sa
manukan?**

Magkasama nating panatilihing
malusog ang ating mga manok.

Serbisyo sa Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

Gamitin ang mga pangunahing tip na ito upang mapanatiling malusog ang iyong mga ibon at maiwasan ang pagkalat ng malulubhang sakit tulad ng avian influenza at makamandag na Newcastle.

1. Laging isagawa ang mabuting biosecurity.

Suriin ang 14 na Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan (NPIP) Mga Prinsipyo ng Biosecurity (www.poultryimprovement.org/documents/StandardE-BiosecurityPrinciples.pdf) at lumikha ng isang plano ng biosecurity para sa iyong lugar.

2. Tandaan na hugasan ang inyong mga kamay bago at pagkatapos lumapit sa mga manok.

Kung wala kang sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer.

3. Protektahan ang iyong sarili.

Huwag halikan o yakapin ang iyong mga ibon.

4. Protektahan ang iyong manukan.

Maglagay ng mga programa sa pamamahala sa lugar para sa mga ligaw na ibon (kabilang ang kanilang mga dumi at pakpak), mga daga, at mga insekto. Linisin at disimpektahin ang anumang kagamitan sa manukan bago at pagkatapos gamitin.

5. Subaybayan ang kalusugan ng iyong kawan.

Alamin ang mga palatandaan ng sakit at suriin ang iyong kawan araw-araw para sa anumang mga palatandaan ng sakit. I-kuwarantina kaagad ang mga ibong may-sakit.

6. I-ulat ang mga ibong may-sakit!

Tumawag nang walang bayad sa USDA sa **1.866.536.7593** upang maabot ang aming mga beterinaryo. Maaaring suriin ng USDA ang inyong mga ibon nang libre upang siguruhing wala silang malubhang sakit ng manok.



Para sa mga libreng mapagkukunan at upang higit pang malaman ang tungkol sa mabuting biosecurity, bisitahin ang:

www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock

Magkasama Nating Panatiliing Malusog ang Ating mga Manok

Ang USDA ay isang tagapag-employo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon. Tulong sa Programa Blg. 2248TL • Inilabas Setyembre 2019